

Mga Operator ng Pest Control

Sinusuportahan ng ***Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain. ***Makakatulong ang mga payo na ito para sa pag-inspeksyon ng iyong negosyo na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig.***

maaari nating **pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig** sa kaunting hakbang lang.

Mga Pangkalahatang Kinakailangan

Pagtitimpla

- Ang pagtitimpla ng pesticide ay dapat gawin sa lugar ng trabaho.
- Magtimpla at gumamit lang ng kailangan mo para sa iisang trabaho.

Paglalagay

- Siguraduhing nagbibigay ang kagamitan ng tamang dami ng produktong pesticide.
- Ilagay ang mga pesticide nang malapit sa tina-target na paglalagyan nito hangga't maaari.
- Huwag maglagay ng mga pesticide sa oras ng o bago ang mga kaganapan sa panahon sa panahon kasama ang hangin o ulan na maaaring maging dahilan upang agusin o matangay palayo ang mga pesticide mula sa tina-target na paglalagyan nito.
- Sundin ang mga instruksyon na nakalagay sa mga label ng produktong pesticide para sa tamang paggamit at pagtapon. Palaging basahin ang mga label at mga regulasyon ng pesticide dahil maaaring i-update ang mga instruksyon ng produkto.

mas madami pang tip > > >

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.

HUNYO 2022

Mga Operator ng Pest Control



Paglalagay

- Tingnan ang mga label ng produkto, mga lokal na regulasyon, at mga batas tungkol sa tamang Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE). Kasama sa mga karaniwang item na PPE ang mga guwantes na maaaring gamitin sa kemikal, gamit na isinusuot sa mata, mga suit na pamproteksyon, mga respirator, sapatos, at gamit na isinusuot sa ulo.
- Sanayin ang mga tauhan sa kung paano babasahin nang tama ang mga label at sundin ang mga alituntunin tungkol sa PPE.

Pagtatago at Pagdadala

- Itago ang mga pesticide sa itinalagang lugar na malayo sa mga anyong tubig at mga inlet ng storm drain.
- Itago ang mga pesticide sa mga orihinal na lalagyan ng produkto nito. Kung sira ang lalagyan, ilagay ang produkto sa isang ligtas na lalagyan na may orihinal na label.
- Magkaroon ng kaalaman kung paano maaaring magdulot ng mga kemikal na pagbabago sa mga pesticide ang mga matinding temperatura. Siguraduhing nakatago ang mga pesticide sa malamig at tuyong kapaligiran.
- Dalhin ang mga pesticide sa cargo area ng sasakyan. Ilayo ang driver at/ pasahero sa mga pesticide at lagyan ng bentilasyon ang sasakyan.
- Habang hinahatid, ilagay ang mga pesticide sa mga plastic na lalagyan na itinalaga para lang sa paghahatid. Maghanda ng PPE at gamit para sa natapon na mapanganib na materyal kapag nagdadala ng mga pesticide.

Pagtatapon

- Itapon ang mga pesticide nang ayon sa mga instruksyon na nasa label.

Ang direkta o hindi direktang pagpapakawala ng mga pollutant sa storm drain system o mga daanan ng tubig ay paglabag sa Ordinansa sa Pangangalaga sa ng County (Watershed Protection Ordinance, WPO). ***Kinakailangang sumunod ang iyong negosyo sa WPO at sa pinakamababang mga BMP na binanggit sa itaas.***

salamat **sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.**

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.

HUNYO 2022